

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 9
Pamilihan
Ikalawang Markahan – Ikaanim Linggo



Joanna O. del Mundo
Manunulat

Mark Joseph C. Fernandez/ Grace B. Columbino
Tagasuri

Edwin Abalos
Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Sa araling ito, inaasahang nailalapat ang kahulugan ng pamilihan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya.

Ang araling ito, ay nakatuon sa pag-aaral ng kahulugan at kahalagahan ng pamilihan bilang isa sa mga mahalagang konsepto na binibigyang diin sa pag-aaral ng Ekonomiks. Tinalakay sa naunang yunit na ang mga ugnayan ng demand at supply na kumakatawan sa konsyumer at prodyuser. Subalit, sa anong mekanismo ng ekonomiya madaling malalaman kung may sapat bang mga produkto o serbisyo na siyang tutugon sa walang katapusang pangangailangan ng tao. Sa ganitong aspeto papasok ang bahaging ginagampanan ng pamilihan.



UNANG PAGESUBOK

I.Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot.

- Ito ang nagsisilbing lugar kung saan nakakamit ng konsyumer ang sagot sa marami niyang pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong handa at kaya niyang ikonsumo.
 - Ekwilibriyo
 - Palasyo
 - Pamilihan
 - Suplay
- Tawag sa mga bumibili ng produktong gawa ng mga prodyuser.
 - Konsyumer
 - Negosyante
 - Pabrika
 - Tauhan
- Ginagamit sa pamilihan upang makamit at mabili ang iyong pangangailangan at kagustuhan.
 - Bayad
 - Buwis
 - Pamasahe
 - Salapi
- Gumagawa ng mga produktong kailangan ng konsyumer sa pamamagitan ng salik ng produksiyon na pagmamay-ari ng mga konsyumer.
 - Bahay Kalakal
 - Middle man
 - Prodyuser
 - Tagahatid ng produkto
- Ano ang kahalagahan ng lokal na pamilihan **maliban** sa isa.
 - Karagdagang pag angat ng micro-entrepreneurs
 - Mababang kita ng mga negosyante
 - Nagkakaroon ng magandang ugnayan ang konsyumer at prodyuser
 - Nagsisilbing agarang pagbili ng mga produkto
- Alin ang hindi halimbawa ng panrehiyon na pamilihan sa Pilipinas?
 - Bigas
 - Dried Fish
 - Petrolyo
 - Prutas

7. Ang online shops ay isang uri ng _____.
 - A. Lokal na pamilihan
 - B. Pambansang pamilihan
 - C. Pang heograpikong pamilihan
 - D. Panrehiyong pamilihan

8. Maituturing bang pamilihan ang pagkakaroon ng limitadong espasyo na nagkakaroon ng maayos na transaksyon ang konsyumer at produser?
 - A. Oo
 - B. Hindi
 - C. Maaari
 - D. Walang kasiguraduhan

9. Kadalasang tawag sa pamilihan o palengke.
 - A. Bayan
 - B. Ekonomiya
 - C. Salon
 - D. Talipapa

10. Bahaging ginagampanan ng pamilihan sa ekonomiya ng bansa.
 - A. Nagbibigay kahalagahan sa pera
 - B. Nagkakaroon ng mataas na suplay at demand
 - C. Nagagamit at nakokonsumo lahat ng uri ng produkto
 - D. Tumutulong sila sa pagbabalanse ng ikot ng ekonomiya ng bansa




II. Panuto: Suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang salitang **PABILI** kung Tama ang mensahe at **PATAWAD** kung Mali.

1. ____ *Invisible hand* na tinutukoy ni Adams Smith ay ang mga produkto.
2. ____ Sa pamamagitan ng pamilihan, nalalaman ang sistema ng ekonomiya.
3. ____ Ang pamilihan ay ang mekanismo na kung saan nagtatagpo ang konsyumer at prodyuser.
4. ____ Ang kilalang sari-sari store na matatagpuan saan mang dako ng ating bansa ay isang magandang halimbawa ng pambansang pamilihan.
5. ____ Ang pamilihan ay nagsisilbing lugar kung saan nakakamit ng isang konsyumer ang sagot sa marami niyang pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong handa at kaya niyang ikonsumo.



SURIIN ANG IMAHE!

Panuto: Tukuyin ang kaisipang ipinapakita ng bawat larawan batay sa Law of Supply and Demand. Dalawang puntos ang kaakibat nito kabilang ang kahulugan. <https://tinyurl.com/yxgose7y>

1. 	2. 	3. 
_____	_____	_____
_____	_____	_____



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

PICTORYA!

Panuto: Suriing mabuti ang larawan.



Pinagmulan: <https://tinyurl.com/y4zh9gd3>

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang nais ipahiwatig ng larawan?
2. Anong konsepto sa ekonomiks ang inilalarawan nito?
3. Bakit mahalaga natin itong matutunan?

Panimula

Ang pagtugon sa pangangailangan ay isa sa mahalagang konsepto na binibigyang diin sa pag-aaral sa Ekonomiks. Ang bawat isa ay may mga pangangailangan subalit hindi lahat ay may kakayahan na magprodyus upang matugunan ang mga ito. Kung kaya't ang relasyon sa pagitan ng prodyuser at konsyumer ay lubhang mahalaga para sa pakinabangan ng lahat.

Sa mga nakaraang mga aralin, naunawaan mo ang mga ugnayan ng demand at supply na kumakatawan sa konsyumer at prodyuser. Subalit, sa anong mekanismo ba ng ekonomiya madaling malaman kung may sapat bang mga produkto o serbisyo na siyang tutugon sa walang katapusang pangangailangan ng tao? Sa ganitong aspeto papasok ang bahaging ginagampanan ng pamilihan. Kung kaya't ang pangunahing pokus ng araling ito, ay ang konsepto ng pamilihan at naipapaliwang ang kahulugan nito.

Pamilihan

- Ito ang nagsisilbing lugar kung saan nakakamit ng isang konsyumer ang sagot sa marami niyang pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong handa at kaya niyang ikonsumo.
- Isang organisadong sistemang pang-ekonomiya kung saan nagkakaroon ng interaksyon ang mga prodyuser at konsyumer.
- Mahalaga ang bahagi ng buhay ng prodyuser at konsyumer.
- Maaaring lokal, panrehiyon, pambansa o pandaigdigang ang lawak.

Ang Konsepto ng Pamilihan

Ang pamilihan ay mahalagang bahagi ng buhay ng prodyuser at konsyumer. Ito ang nagsilbing lugar kung saan nakakamit ng isang konsyumer ang sagot sa marami niyang pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong handa at kaya niyang ikonsumo. Sa kabilang dako, ang mga prodyuser ang siyang nagsisilbing tagapagtustos ng mga serbisyo at produkto upang ikonsumo ng mga tao. Sa pamilihan itinakda kung anong produkto at serbisyo ang gagawin at kung gaano ito karami.

Dalawang pangunahing tauhan sa pamilihan:

- **Konsyumer-** ang bumibili ng mga produktong gawa ng mga prodyuser.
- **Prodyuser** naman ang gumagawa ng mga produktong kailangan ng konsyumer sa pamamagitan ng salik ng produksiyon na pagmamay-ari ng mga konsyumer.



<https://tinyurl.com/y2r8so6h>

Kaugnay nito, ayon sa 6th Principle of Economics ni Gregory Mankiw, “*Markets are usually a good way to organize economic activity*”. Ito ay ipinaliwanag ni Adam Smith sa kanyang aklat na *An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of the Nations* (1776) na ang ugnayan ng konsyumer at produser ay naisasaayos ng pamilihan.

Mayroong tinatawag na “invisible hand” si Adam Smith na syang gumagabay sa ugnayan ng dalawang aktor na ito ng pamilihan. Ito ay ang “presyo”, na siyang instrumento upang maging ganap ang palitan sa pagitan ng konsyumer at prodyuser.

Mahalagang bahagi ng pamilihan ang umiiral na presyo sapagkat ito ang nagtatakda sa dami ng handa at kayang bilhin na produkto at serbisyo ng mga konsyumer. Presyo rin ang siyang batayan ng prodyuser ng kanilang kahandaan at kakayahan nilang magbenta ng mga takdang dami ng mga produkto at serbisyo.

Kung kaya’t, ang pamilihan ang siyang mabisang nagpapakita ng ugnayan ng demand at supply. Sa pagkakaroon ng mataas na demand ng mga konsyumer, nagiging dahilan ito sa pagtaas ng presyo. Ito ay nagbubunga ng lalong pagtaas sa pagnanais ng prodyuser na magdagdag ng mas maraming supply.



<https://tinyurl.com/y5jlp1mv>



<https://tinyurl.com/yxwpgcq>

DIBISYON NG PAMILIHAN

Lokal na pamilihan- ang kilalang sari-sari store na matatagpuan sa iba't ibang dako ng bansa ay isang halimbawa nito na siyang nagbibigay ng agarang produkto sa mamimili.



<https://tinyurl.com/y6cs5ngm>

Panrehiyon na pamilihan - ang abaka, dried fish ng Cebu, Durian ng Davao at iba pang natatanging produkto ng lalawigan ay bahagi nito.



<https://tinyurl.com/yxa98zcn>

Pambansang pamilihan - kilala sa pandaigdigang pamilihan sapagkat dito umiikot ang produkto ng bigas, prutas langis at mga online na aytems sa pamamagitan ng internet



<https://tinyurl.com/y5sprzpg>



MAMALENGKE KANA!

Panuto: Maglista sa talaan ng limang produktong madalas bilhin sa pamilihan o palengke. Kaakibat nito ang limang puntos sa bawat obserbasyon.

Araw	Produkto	Saan ito napamili	Presyo	Obserbasyon o Opinyon sa Pamimili
Lunes				
Martes				
Miyerkules				
Huwebes				
Biyernes				
Sabado				
Linggo				



TANDAAN

ANG KONSEPTO NG PAMILIHAN

- ❖ Ang pamilihan ay mahalagang bahagi ng buhay ng tao sapagkat ito ang nagsisilbing lugar kung saan nakakamit ng isang konsyumer ang sagot ng marami niyang pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong kayang ikonsumo.
- ❖ Ang pamilihan o merkado ay tumutukoy sa isang mekanismo ng interaksyon ng mamimili o konsyumer at prodyuser o nagbibili upang magtakda ng presyo sa isang lugar. Malagang bahagi ang ginagampanan nito sa ekonomiya sapagkat tumutulong sila sa pagbabalanse ng ikot ng ekonomiya ng bansa. Maaaring local, panrehiyon, pambansa o pandaigdigang pamilihan.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

BIDYO KO – ILAHAD MO...

Panuto: Suriin ang bidyo at sagutan ang gabay na tanong batay sa napanood.



<https://tinyurl.com/yyenmrst>



<https://tinyurl.com/yxzohq58>



<https://tinyurl.com/y6p57sre>

Pamprosesong mga Tanong:

1. Papaano nagkakaipareho at nagkakaiba ang tatlong 3 headline?

2. Magbigay ng mga konsepto na may kaugnayan dito?



**PANG-WAKAS NA
PAGSUSULIT**

I. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.


1. Alin sa mga sumusunod ang kahulugan ng pamilihan.
 - A. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa at kayang bilhin ng prodyuser sa iba't ibang presyo.
 - B. Ito ay tumutukoy sa mga produktong kahalili ng mgapangangailangan ng isang konsyumer.
 - C. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa at kayang bilhin ng mga konsyumer sa iba't ibang halaga o presyo.
 - D. Ito ay lugar na tumutukoy sa interaksyon ng mamimili o konsyumer at prodyuser o nagbibili upang magtakda ng presyo.
2. Instrumento sa pamilihan upang makamit at mabili ang iyon pangangailangan at kagustuhan.
 - A. Bayad
 - B. Buwis
 - C. Pamasaha
 - D. Salapi
3. Alin ang nagpapaliwanag kung bakit tinatangkilik ng mga tao ang magpunta sa Divisoria at Baclaran kahit malayo ito.
 - A. Dahil dito lamang matatagpuan ang mga paboritong produkto ng mga bata, kabataan at ng bawat pamilya.
 - B. Dahil maraming mall na mapupuntahan at makukuhaan ng branded na mga kasuotan.
 - C. Nakakapagbigay ito ng mga murang bilihin at maraming pagpipiliang produkto.
 - D. Nakakamit ang kasiyahan sa paglalakad at magagandang bayan dito.
4. Batayan ng prodyuser ng kanilang kahandaan at kakayahan nilang magbenta ng mga takdang dami ng mga produkto at serbisyo.
 - A. Buwis
 - B. Demand
 - C. Kita
 - D. Presyo
5. Dalawang pangunahing tauhan ng pamilihan na nagkakaroon ng interaksyon sa pagpapalitan ng produkto o serbisyo.
 - A. Bahay kalakal at Palengke
 - B. Konsyumer at Prodyuser
 - C. Merchandizer at Kapitalista
 - D. Negosyante at Tauhan

ANONG SAY MO!

II. Panuto: Bumuo ng paliwanag o sanaysay ukol sa binanggit ni Gregory Mankiw at mga katanungan na namumutawi sa isip ng mamamayan.

Ang bawat tamang kasagutan ay may Dalawang puntos

1. "Markets are usually a good way to organize economic activity".



2. Anu-anong mga katangian ng produkto at serbisyo sa pamilihan ang kailangang gawin at gaano karami?



3. Paano gagawin ang mga produkto o serbisyonang kailangan?



4. Ano ang papel ng pamahalaan sa pamilihan?



5. Bakit mahalaga ang espesyalisasyon, capital at salapi sa pamilihan?



SANGGUNIAN:

Aklat

- Consuelo M. Imperial et. al (2016) Kayamanan Ekonomiks, Rex Bookstore, P. 150

Modyul

- Department of Education (2015) Ekonomiks Araling Panlipunan 9 Module P. 175

Website

- <https://tinyurl.com/yxgosety>
- <https://tinyurl.com/y4zh9gd3>
- <https://tinyurl.com/y6cs5ngm>
- <https://tinyurl.com/yxa98zcn>
- <https://tinyurl.com/y5sprzpg>
- <https://tinyurl.com/yyenmrst>
- <https://tinyurl.com/yxz6hq58>
- <https://tinyurl.com/y6p57sre>

ANG MGA KASAGUTAN AY NAKABATAY SA MARKA NG GURO

II.

1)D, 2)D, 3)C,4)D,5)B

PANG WAKAS NA PAGESUSULTI

ANG MGA KASAGUTAN AY NAKABATAY SA MARKA NG GURO

GAWAIN AT PAG ALAM SA NATUTUAN

3. EKWILIBRIYO O EQUILIBRIUM
-SAPAT ANG DAMI NG SUPLAY AT DEMAND

2. KARUANGAN O SHORTRAGE
-HINDI SAPAT ANG SUPLAY UPANG MATUGUNAN ANG DEMAND

1. KALABISAN O SURPLUS
-MAS MALAKI ANG SUPLAY SA DEMAND

BALIK TANAW

15. PABILI

14. PATAWAD

13. PABILI

12. PABILI

11. PATAWAD

1)C, 2)A, 3)D, 4)C, 5)B, 6)B, 7)B, 8)A, 9)D, 10)D

UNANG PAGSUBOK

SUSI SA PAGWAWASTO: